

Prologue

Mahigpit na magkasalikop ang mga kamay ni Gabrielle Noriega habang nakaupo sa silya sa harapan ng mesa ni Dr. Nancy Evangelista. Nararamdaman niyang nakatingin sa kanya ang doktora at hindi niya masalubong ang mga mata nito. Katatapos lang nitong ipaalam sa kanya na may sakit siya. At hindi basta sakit. She had stage 3C breast cancer. Gusto niyang histerikal na tumawa, pero baka pag ibinuka niya ang bibig, mapapalahaw siya ng iyak.

Nagpatuloy sa pagsasalita ang doktora gamit ang mahinahon nitong tinig. Sinabi nitong may seventy two percent survival rate ang mga may stage

3 breast cancer. Inisa-isa rin nito ang mga posibleng treatment—surgery, radiation, chemotherapy—mga salitang ayaw na niyang marinig dahil iyon din ang mga narinig niya mula sa isa pang doktor noong isang taon lang nang mommy naman niya ang nagkasakit.

Nagpagamot ang kanyang ina—surgery, radiation, chemotherapy—pero sa huli, hindi rin kinaya ng masayahin at malakas niyang mommy ang karamdaman. Halos hindi pa sila nakaka-recover ng daddy niya sa pagkamatay nito, siya naman ngayon ang may sakit.

Huminga nang malalim si Brielle at pinilit na salubungin ang tingin ng doktora. “Gaano katagal pa po—” Hindi niya maituloy ang tanong. *Gaano katagal pa po akong mabubuhay?*

“Bago kumalat ang sakit?” dugtong ni Dr. Evangelista. Hindi niya alam kung sinadya nitong magpanggap na hindi siya naintindihan. “Depende iyon. Kailan ka lang kasi nagpa-check up. Hindi natin alam kung kailan ka pa meron nito.”

Alam niya na ang dapat niyang ginawa, nang malaman niyang may sakit ang kanyang mommy, ay nagpa-check na rin siya. Pero masyado siyang naging distracted sa pag-aalaga rito, at pagkatapos,

sa pagluluksa.

“Of course, the earlier you get treatment, the better.”

Surgery, radiation, chemotherapy...

Sandali pa siyang kinausap ng doktora pero hindi na siya makapag-isip. Hindi niya ito masagot. Inabot ng babae ang kanyang kamay.

“Why don’t you go home for a while, Brielle?” Mabait ang tono nito. “Magpahinga ka muna. I know it’s a lot to take in. I’m going to schedule another check up for you next week. And I also wouldn’t mind kung gusto mo ng second opinion.”

Sumara ang kamay niya palibot sa kamay ng doktora. “Salamat po. Pag-iisipan ko po muna. Pasensya na po.”

“No, it’s okay. Naiintindihan ko. May susundo ba sa ’yo?”

Tumango si Brielle. “Nasa labas po si Kuya Erning,” sabi niya, tinutukoy ang long-time driver nila.

“All right.” Binitawan siya nito at tiningnan ang screen ng *iPad* nito. “How about Friday morning at 10 o’clock? Okay ka ba n’un?”

Tumango siya at pinilit na ngumiti sa doktora. Sandali pa silang nag-usap bago siya nagpaalam at

tuluyang lumabas ng clinic nito.

Hindi siya bumaba sa lobby ng ospital kung saan siya hinihintay ng driver nila ng daddy niya. Sa halip, nagtungo siya sa hospital chapel. Hindi alam ni Brielle kung malamig lang ba talaga doon o katawan niya ang malamig pero nangangatal siya nang maupo siya sa pinakaunahan.

Napansin niya ang mag-ina siguro na magkayakap at tahimik na umiiyak. Sa kaliwa niya ay may isang lalaking nakasubsob ang mukha sa mga kamay, at yumuyugyog ang mga balikat.

Tumingala siya sa malaking crucifix sa altar. Gusto niyang magtanong kung bakit ganoon at bakit siya pero kahit pa iyon ang naiisip niya, iba ang ibinulong niya sa Panginoon.

Kaya ko po ito, Lord. Alam kong hindi Ninyo ako pababayaan. Kaya ko po ito.

